# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 28, 2025, LUNES, IKA-09:57 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 07 MAY 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED BY NAME DATE MAY 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 102-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN (SIP) NG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 06-T2025/ KAUTUSAN BLG. 01-T2025 NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, may Supplemental Investment Plan (SIP) ang Karagdagang Badyet ang Barangay ng Calios na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 06-T2025 / Kautusan Blg. 01-T2025;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Kasapi ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan (SIP) ang Karagdagang Badyet ang Barangay ng Calios na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 06-T2025 / Kautusan Blg. 01-T2025 ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

5/6/25

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan



050625231